# Pagbuo ng Dokumentaryo

## Paksa: Pagsusulong ng Paggalang sa Karapatan ng mga Mamamayan sa Pagpili ng Kasarian at Sekswalidad

Ang dokumentaryo ay isang non-fiction film na hango mula sa facts, mga dokumento, at tunay na pangyayari.

Ang pagbuo ng dokumentaryo ay mahahati sa tatlong bahagi**: Pre-production, production, at Post-production**. Mahalagang magkaroon muna ng brainstorming ang buong klase upang magkaroon ng kabuoang ideya sa magiging takbo ng inyong dokumentaryo.

**Pre-production**

1. Pagbuo ng script
2. Paggawa ng story board
3. Pagpili ng istilo ng dokumentaryo- Maaaring bisitahin ang link na ito: http://nofilmschool.com/2015/09/nichols-6-modes-documentary-can-help-expand-your-storytelling ni Oakley Anderson- Moore upang mas lumawak ang kaalaman sa pagkakaiba ng bawat istilo at mabigyan ng halimbawa ang bawat isa.
   a. **Poetic**- kakaiba ang struktura ng daloy ng naratibo ng poetic dahil ang filmmaker ay gumagamit ng footage upang makalikha ng tono, ritmo, at spatial juxtaposition.
   b. **Expository**- Malinaw na ipinapakita nito ang partikular na motibo o layunin ng dokumentaryo.
   c. **Observational**- Sa ganitong pamamaraan naman, hinahayaan lamang ng filmmaker na makuhanan ang tunay na nangyayari sa isang eksena na hindi ito kailangang lagyan ng anumang direksyon.
   d. **Participatory**- Ang ganitong dokumentaryo naman ay nagpapakita ng mga panayam sa mga tao.
   e. **Reflexive Performative**- Binibigyang-diin nito ang relasyon ng filmmaker sa kaniyang manonood sa pamamagitan ng pagpapakita ng tao sa likod ng ginagawang dokumentaryo.
   f. **Performative**- Binibigyang-diin naman nito ang katotohanan bilang isang relatibong kaisipan kung kaya nagiging obhetibo ang daloy ng pelikula.

**Production**

Nasa bahaging ito ang pagsasagawa ng shooting ng inyong dokumentaryo. Siguraduhing kumpleto ang lahat ng gagamitin tulad ng **camera, batteries, ilaw, script, story board, mic at iba pa.**

**Post-production**

Ito naman ang pag-eedit ng kinuhang video. Isasaayos na sa bahaging ito ang video at audio ng inyong dokumentaryo.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.
FRONTLEARNERS

Reference:

Moore-Oakley, A. (2015). Nichols' 6 Modes of Documentary Might Expand Your Storytelling Strategies. Retrieved from www.guides.library.georgetown.edu/c.php?g=75854&p=487737.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS